

**PATAKARAN UKOL SA SUSPENSYON NG
SERBISYO NG TUBIG DAHIL SA HINDI
PAGBABAYAD**

[California Health & Safety Code §§ 116900-116926]

Pinagtibay ng Resolusyon Blg. 798 ng Board of Trustees ng Distrito ng Water Conservation ng Santa Ynez, Distrito ng Pagpapabuti Blg. 1 noong Abril 21, 2020.

1. **Aplikasyon ng Patakaran.** Ang Patakaran ukol sa Suspensyon ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad (“Patakaran”) na ito ay pinagtibay ng Distrito ng Water Conservation ng Santa Ynez, Distrito ng Pagpapabuti Blg. 1 (“Distrito”) ng naaayon sa mga kinakailangan ng California Water Shutoff Protection Act, California Health and Safety Code Seksyon 116900 *et. seq.* (ang “Act” o “Batas”). Tungo sa ipinahayag ng Batas na ito, ang Patakarang ito ay para lamang sa mga *account* ng mga serbisyo ng tubig sa Distrito na ginagamit upang magbigay ng residensyal na serbisyo ng tubig, kasama ang mga *account* Residensyal na Domestiko at Probinsya/Limitadong Agrikultura na nga nagbibigay ng serbisyo sa mga tirahan na mayroong iisang pamilya, tirahan na maraming pamilya, mga tirahang mobile, pabahay para sa mga magsasaka. Sa kabila ng mga limitadon probisyon ng Batas, maraming bahagi ng Patakarang ito ay sinulat para sa lahat ng mga *account* ng Distrito bilang paraan ng pagsulong ng kasanayang administratibo at pagkakapareho sa lahat ng Kliyente ng Distrito.
2. **Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan.** Para sa mga tanong o tulong ukol sa mga bayarin ng tubig na inisyu ng Distrito, o mga opsyon para iwasan ang suspensyon ng residensyal na serbisyo ng tubig, ang mga Kliyente ay maaaring makipag-ugnayan sa empleyado ng Distrito sa pamamagitan ng telepono sa (805) 688-6015 o sa pamamagitan ng email sa general@syrawd.org. Ang mga kliyente ay maaari ding bumisita sa Opisina ng Distrito ng personal sa 3622 Sagunto Street, Santa Ynez, California 93460 tuwing normal na oras ng trabaho (maliban tuwing “holiday” o bakasyon), Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
3. **Panahon ng Pagsingil at mga Multa sa Pagbayad ng Huli.** Ang nga singil sa tubig ng inisyu ng Distrito ay itinakda at maaaring bayaran sa Distrito sa eksakto o bago ang huling araw ng araw ng negosyo ng buwan kung saan ang singil ay na-isyu sa pamamagitan ng koreo at/o elektronikong koreo. Ang mga singil na hindi nabayaran ng buo pagdating ng pagsara ng negosyo sa itinakdang petsa ng pagbabayad ay ikokonsidera na “*Past Due at Pending Shutoff Notice*” na nasasaad sa Seksyon 4.1 sa ibaba, sa oras na ito ay sampung porsyento (10%) na multa sa pagiging huli sa pagbayad ay tinaya sa natitirang balanse sa *account*. Ang Distrito ay maaaring magbigay ng konsiderasyon sa mga kahilingan ng mga Kliyente na ipaubaya ang mga multa sa pagbabayad ng huli sa ilalim ng di-pangkaraniwang mga pangyayari, kung ang kahilingan ay naisagawa sa Distrito ay hindi hihigit sa dalawampung (20) na araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng *Past Due*, at kung ang multa sa pagbabayad ng huli ay hindi pa naipapaubaya para sa nakikiusap na Kliyente sa loob ng huling labing-dalawa (12) na buwan. Ang mga desisyon na hindi ipaubaya ang multa sa pagbabayad ng huli ay pinal at hindi na maikokonsidera upang rebyuhin pa o umapela sa mga probisyon sa Seksyon 6 sa ibaba. Ang Distrito at hindi na tatayahin ang multa sa pagbabayad ng huli sa balanse ng isang *Past Due* ng dalawampung dolyar (\$20.00) o mas mababa pa, kung saan ang kahit anong balanse na katumbas ng dalawampung dolyar o mas mababa pa dito ay malilipat at idadagdag sa *account* ng Kliyente sa susunod na Panahon ng Pagsingil.

4. **Suspensyon ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang lahat o kahit anong parte ng singil sa serbisyo ng tubig ay *Past Due* sa animnapung (60) araw ng kalendaryo, ang Distrito ay maaaring suspindihin ang serbisyo ng tubig sa adres kung nasaan ang serbisyo.

4.1 **Nakasulat na Paunawa para sa mga Kliyente at mga Okupante.** Ang Distrito ay magbibigay ng paunawa sa koreo sa Kliyente na nasa talaan na hindi bababa sa pito (7) na araw ng negosyo bago ang suspensyon ng serbisyo ng tubig. Alinsunod sa Health and Safety Code seksyon 116908(a), ang nakasulat na paunawa ay maaaring ibigay ng mas maaga ng 60 na araw ng panahon ng pagkakasala at sa form ng *Past Due* at *Pending Shutoff Notice* na nilalarawan sa Seksyon 3 sa itaas. Kung ang adres ng Kliyente ay hindi adres ng propyedad na kung saan binibigay ang serbisyo, na naka-adres sa “mga Okupante,” binibigay na ang Distrito ay walang pananagutan sa pagpapadala ng paunawa sa adres ng propyedad na hindi matatanggap ang padalang koreo galing sa U.S. Postal Service. Ang (mga) paunawa ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at adres ng Kliyente na nasa talaan;
- (b) ang halaga ng *Past Due* na halaga, kabilang ang mga naaangkop na multa;
- (c) ang petsa kung saan ang pagbabayad ng buo ay dapat na maisagawa upang maiwasan ang suspensyon ng serbisyo;
- (d) ang proseso at dedlayn ng kung saan ang Kliyente ay maaaring humiling ng ekstensyon ng oras upang makapagbayad ng halaga ng *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na multa, o kahilingan sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad, pag-aayos ng amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban ng pagbayad (deferred), o pagbawas ng bayad sa ilalim ng Seksyon 4.3 o Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (e) ang proseso na kung saan ang Kliyente ay humiling ng rebyu o apela ng bayarin ng serbisyo ng tubig;
- (f) impormasyon na ang mga nangungupahan o mga okupante sa residensyal na tirahan, kung hindi mismo ang Kliyente na nasa talaan, ay maaaring magkaroon ng karapatan upang mga mga Kliyente ng Distrito na hindi kakailanganing magbayad ng anumang mga halaga ng *Past Due* sa *account*; at
- (g) ang impormasyon para sa pakikipag-ugnayan ng Distrito.

4.2 **Mga Nangungupahan o mga Okupante sa Residensyal na Tirahan.** Sa mga kaso na ang residensyal na serbisyo ng tubig ay binibigay ng sa indibidwal na pamamaraan o sa isang pangunahing metro papunta sa mga nangungupahan o okupante ng isang istrukturang residensyal, mga tirahang mobile, o pabahay para sa mga magsasaka, at may kaalaman ang Distrito na ang may-ari, kasero, manedyer, o tagapagpalakad ng sinasabing (mga) tirahan ay ang Kliyente na nasa talaan sa halip na mga nangungupahan o okupante, susubukan ng Distrito na bigyan ng kaalaman ang mga nangungupahan o okupante ng nasabing (mga) tirahan sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na paunawa, sa hindi bababa sa sampu (10) na araw ng kalendaryo bago ang suspensyon ng serbisyo ng tubig, na ang *account* at *Past Due* at ang serbisyo ng tubig sa (mga) tirahan ay maaaring suspindihin. Ang nakasulat na paunawa ay

naka-adres sa “mga Okupante” at maaaring ibigay bilang *Past Due* at *Pending Shutoff Notice* na inilalarawan sa Seksyon 3 sa itaas. Ang paunawa ay magbibigay alam sa mga residenysal na nangungupahan o okupante na mayroon silang karapatan na maging mga Kliyente ng Distrito na hindi nangangailangang bayaran ang anumang mga halaga na *Past Due* sa mga napabayaang mga *account*. Ang mga karagdagang mga tuntunin at kundisyon para sa mga nangungupahan at okupante na maging mga Kliyente ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

4.3 Karagdagang mga Kortesyang Paunawa Bago ang Suspensyon ng Serbisyo. Sa mga kaso kung saan ang singil sa serbisyo ng tubig ay nananatiling *Past Due* ng higit sa limampung (50) araw ng kalendaryo at ang nakasulat na paunawa ng posibleng suspensyon ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ay naipadala na sa Kliyente alisunod sa Health and Safety Code seksyon 116908, kung saan ang naunang paunawa ay maaaring isama ang *Past Due* at *Pending Shutoff Notice* na nailarawan sa Seksyon 3 sa itaas, ang Distrito ay maaaring, sa kanyang kaisa-isa at ganap na diskresyon, susubukan na magbigay ng karagdagang kortesyang paunawa bago ang suspensyon ng serbisyo ng tubig sa adres na binibigyan ng serbisyo, na kung saan ang karagdagang kortesyang paunawa ay maaaring kabilangan ng manu-manong tawag sa telepono, awtomatikong tawag, tag sa pintuan, o iba pang pamamaraan na maitakda ng Distrito.

4.4 Espesyal na Medikal at Pinansyal mga Kalagayan Kung Saan ang Serbisyo ng Tubig sa Residenysal na Tirahan ay Hindi Sususpindihin.

- (a) Ang Distrito ay hindi magsususpindi ng serbisyo ng tubig sa residenysal na tirahan dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay matutugunan:
 - (i) Ang Kliyente, o ang taga-upa ng Kliyente, ay magsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang lisensyadong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, ang terminong ito ay ipinaliwanag sa Seksyon 14088(b)(1)(A) ng California Welfare and Institutions Code, na ang suspensyon ng serbisyo ng tubig sa residenysal na tirahan ay maaaring magbanta sa buhay, o magdala ng matinding banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang nakatira sa lugar kung saan ang serbisyonng residenysal ay binibigay; at
 - (ii) ang Kliyente ay nagpapakita sa Distrito sa pamamagitan ng dokumentasyon na siya ay walang kakayahang pinansyal upang makapagbayad ng residenysal na serbisyo ng tubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Distrito, kung saan ang Kliyente ay itinuturing na walang kakayahang pinansyal upang makapagbayad sa loob ng karaniwang siklo kung (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng Kliyente ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ang Kliyente ay nagdeklara sa ilalim ng parusa ng *perjury* na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng lebel ng kahirapan na pederal; at
 - (iii) ang Kliyente ay pumapayag na pumasok sa kasunduang pang-

amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano sa pagpapaliban (*deferred*) o pagbawas ng bayad, nang may paggalang sa mga singil na *Past Due*, kasama na rin ang mga nararapat na multa, napapailalim sa mga tuntunin na katanggap-tanggap sa Distrito.

- (b) Ang sinumang Kliyente na makakatanggap ng *Past Due* at *Pending Shutoff Notice* na inilarawan sa Seksyon 4.1 at ninanais na iwasan ang suspensyon ng serbisyo sa ilalim nitong Seksyon 4.4 ay magiging responsable sa pakikipag-ugnayan sa Distrito upang mapatunayan ang lahat ng mga kundisyon at maibigay ang dokumentasyon na inilarawan sa Seksyon 4.4(a) sa itaas. Ang Kliyente ay dapat makipag-ugnayan sa Distrito kaagad hangga't maari na itong isagawa pagkatapos na makuha ang *Past Due* at *Pending Shutoff Notice*.
- (c) Kung ang lahat ng mga kundisyon na nailarawan sa Seksyon 4.4.(a)-(b) ay natugunan ng Kliyente, ang Distrito ay maaari, sa kanyang kaisa-isa at ganap na diskresyon, mag-alok sa Kliyente ng isa o mas marami pang mga sumusuno na opsyon ng pagbabayad, na mas inilarawan pa sa mga Seksyon 5.2 hanggang 5.5 sa ibaba:
 - (i) partisipasyon sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad;
 - (ii) amortisasyon ng balanseng hindi pa nababayaran;
 - (iii) pansamantalang pagpapaliban o *deferral* ng pagbabayad; o
 - (iv) Bahagyang pagbabawas ng balanseng hindi pa nababayaran, binibigay na walang karagdagang multa sa mga ibang tagapagbayad dahil sa pagbabawas na ito.
- (d) Ang mga tuntunin, mga kundisyon, at anumang iba pang mga sukatan ng (mga) opsyon ng pagbabayad na inalok ng Distrito sa isang Kliyente alinsunod sa Seksyon 4.4 na ito ay itatag ng Distrito sa kanyang kaisa-isa at ganap na diskresyon.
- (e) Ang opsyon ng pagbabayad at mga tuntunin na ibinigay ng Distrito ay magrerresulta sa pagbayad ng Kliyente ng lahat ng mga halaga na *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na mga multa, sa Distrito sa loob ng labing-dalawang (12) buwan, ngunit, ang mas mahabang panahon ay maaaring maitatag para sa di-pangkaraniwang kalagayan.
- (f) Sa kabila ng mga probisyon sa mga Seksyon 4.4(a)-(e) sa itaas, ang Distrito ay maaaring magsuspindi ng residensyal na serbisyo ng tubig sa isang Kliyente kung saan: (i) sa animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa na ang Kliyente ay hindi nakasunod sa tuntunin ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasunduang pang-amortisasyon, o pagpapaliban (*deferred*) o plano ng pagbawas ng bayad na ibinigay ng Distrito, ang Kliyente ay nabigong bayaran ang kanyang kasalukuyang mga singil sa residensyal na serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o mas higit pa. Sa

mga naturang kaso, ang Distrito ay magpapaskil ng pinal na paunawa ng layon na suspindihin ang residensyal na serbisyo ng tubig sa isang prominente at hayag na lokasyon ng propyedad ng hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang suspensyon ng serbisyo. Ang anumang paunawa o suspensyon ng serbisyo sa ilalim nitong Seksyon 4.4(f) ang hindi kinakailangang magbigay ng impormasyon na naibigay na sa Kliyente sa ilalim ng Seksyon 4.1 sa itaas, at hindi maisasailalim sa rebyu o apela ng mga probisyon sa Seksyon 6 sa ilalim.

- (g) Ang mga desisyon ng Distrito sa ilalim ng mga probisyon nitong Seksyon 4.4 ay ibibigay sa at gagawin ng *General Manager* ng Distrito at/o ng kaniyang naatasan.

5. Alternatibong mga Kasunduan ng Pagbabayad at mga Nauugnay na Pamamaraan.

5.1 Mga Pamamaraan para sa mga Kliyente para Humiling ng mga Opsyon ng Planong Pagbabayad. Hiwalay at iba sa alternatibong kasunduan ng pagbabayad na maaaring i-alok ng Distrito sa isang Kliyente alinsunod sa mga probisyon at mga kundisyon ng Seksyon 4.4 sa itaas, ang Distrito ay maaaring, sa kanyang kaisa-isa at ganap na diskresyon, at bilang tugon sa nakasulat na hiling na isinumite ng Kliyente sa Distrito na naaayon sa Patakaran na ito, mag-alok ng isa or higit pa ng mga sumusunod na mga opsyon ng pagbabayad sa isang Kliyente, base sa emerhensya o iba pang di-pangkaraniwang kaganapan, kung saan ang Kliyente ay hindi makapagbayad ng halaga ng kanyang *Past Due* ng buo, kabilang ang mga naaangkop na multa, sa pagdating ng takdang petsa ng pagbayad:

(i) Partisipasyon ng alternatibong iskedyo ng pagbabayad; (ii) amortisasyon ng balanse na hindi pa bayad; (iii) pansamantalang pagpapaliban (deferral) ng pagbabayad; o (iv) bahagyang pagbabawas ng balanseng hindi pa nababayaran, binibigay na walang karagdagan multa sa mga ibang tagapagbayad.

- (a) Ang sinumang Kliyente na makakatanggap ng *Past Due* at *Pending Shutoff Notice* ay maaaring magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Distrito upang magbayad ng halaga ng *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na multa, sa pamamagitan ng alternatibong opsyon ng pagbabayad. Ang nakasulat na kahilingan ng Kliyente ay nararapat na masumite sa Distrito sa loob ng labing-limang (15) araw ng kalendaryo mula sa araw na natanggap ang *Past Due* at *Pending Shutoff Notice*. Ang mga kahilingan na hindi nasumite sa loob ng labing-limang araw na panahon ay maituturing na lumipas na tamang panahon at hindi na tatanggapin, irerebyu, o pagpapasyahan ng Distrito. Para sa mga layunin nitong Seksyon 5.1(a), ang *Past Due* at *Pending Shutoff Notice* ng Distrito ay ituturing na natanggap na ng Kliyente sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos ma-isyu ng Distrito, at ang nakasulat na kahilingan ng Kliyente para sa alternatibong opsyon ng pagbabayad ay ituturing na naisumite ng Kliyente sa petsa ng tatak ng selyo kung ito ay naipadala sa koreo, at sa petsa ng pagpapadala (*transmittal*) kung ito ay naipadala gamit ang elektronikong koreo o personal na serbisyo sa opisina ng Distrito sa panahon ng normal ng oras ng negosyo. Walang pagkakataon na ang kahilingan ng Kliyente para sa alternatibong opsyon ng pagbabayad sa ilalim ng mga probisyon ng Seksyon 5.2 hanggang 5.5 sa ibaba na kinakailangan na ang Distrito ay mag-alok o payagan ang opsyon ng pagbabayad sa Kliyente.

- (b) Ang mga tuntunin, mga kundisyon, at anumang iba pang mga sukatan ng (mga) opsyon ng pagbabayad na inalok ng Distrito sa isang Kliyente alinsunod sa Seksyon 5.1 na ito ay itatatag ng Distrito sa kanyang kaisa-isa at ganap na diskresyon.
- (c) Sa oras na mayroong opsyon ng pagbabayad ay maalok ang Distrito, mga tuntunin na ng opsyon ay magresulta sa pagbayad ng Kliyente ng lahat ng mga halaga na *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na mga multa, sa Distrito sa loob ng labing-dalawang (12) buwan, ngunit, ang mas mahabang panahon ay maaaring maitatag para sa di-pangkaraniwang kalagayan.
- (d) Sa kabila ng mga probisyon sa mga Seksyon 5.1(a)-(c) sa itaas, ang Distrito ay maaaring magsuspindi ng serbisyo ng tubig sa isang Kliyente kung saan: (i) sa animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa na ang Kliyente ay hindi nakasunod sa tuntunin ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasunduang pang-amortisasyon, o pagpapaliban (*deferral*) o plano ng pagbawas ng bayad na ibinigay ng Distrito, o (ii) habang nasa alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasunduang pang-amortisasyon, o pagpapaliban (*deferral*) o plano ng pagbawas ng bayad na ibinigay ng Distrito, ang Kliyente ay nabigong bayaran ang kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o mas higit pa. Sa mga naturang kaso, ang Distrito ay magpapaskil ng pinal na paunawa ng layon na suspindihin ang serbisyo ng tubig sa isang prominente at hayag na lokasyon ng propyedad ng hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang suspensyon ng serbisyo. Ang anumang paunawa o suspensyon ng serbisyo sa ilalim nitong Seksyon 5.1(d) ang hindi kinakailangang magbigay ng impormasyon na naibigay na sa Kliyente sa ilalim ng Seksyon 4.1 sa itaas, at hindi maisasailalim sa rebyu o apela ng mga probisyon sa Seksyon 6 sa ilalim.
- (e) Ang mga desisyon ng Distrito sa ilalim ng mga probisyon ng Seksyon 5, at mga Seksyong 5.2 hanggang 5.5. sa ibaba, ay ibibigay sa at gagawin ng *General Manager* ng Distrito at/o ng kaniyang naatasan.

5.2 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Kung maaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 4.4 o 5.1 sa itaas, ang pagbabayad ng Kliyente ng halaga ng kaniyang *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop multa, ay maaaring bayaran ng alinsunod sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi hihigit sa labing-dalawang (12) na buwan. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay maaaring magbigay ng *periodic lump-sum* na pagbabayad na hindi sasabay sa or maaaring lagi o minsan kumpara sa naitalagang takdang petsa ng pagbabayad ng Distrito para sa regular na buwanang singil. Ang Kliyente ay kinakailangan na bayaran ang buong halaga ng *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na multa, ng buo sa naitalagang takdang petsa ng pagbabayad ng Distrito at nararapat na manatili sa kasalukuyan sa lahat ng presyo ng serbisyo ng tubig at mga singil na naidadagdag sa panahon ng anuman at lahat ng panahon ng singilin sunod sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad na ibinigay ng Distrito. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay gagawing kasulatan at pipirmahan ng Kliyente. Bilang pangkalahatang tuntunin, habang napapailalim sa mga tuntunin ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang isang Kliyente ay hindi maaaring humiling ng hiwalay na

alternatibong iskedyul ng pagbabayad, amortisasyon, pagpapaliban (*deferral*) o plano ng pagbawas ng pagbabayad sa hiwalay na halaga ng *Past Due*.

5.3 Amortisasyon. Kung maaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 4.4 o 5.1 sa itaas, ang pagbabayad ng Kliyente ng halaga ng kaniyang *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop multa, ay maaaring ma-amortisa sa isang panahon na hindi hihigit sa labing-dalawang (12) buwan. Kung ang amortisasyon ay maapruba, ang *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop multa, ay hahatiin sa pantay-pantay sa bilang ng buwan sa panahon ng amortisasyon, at ang karagdagang halaga ay nakatakda kasama ang regular na buwanang singil sa Kliyente. Kakailanganing bayaran ng Kliyente ang buong halaga ng *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na multa, ng buo sa takdang petsa ng pagbabayad na naitalaga ng Distrito at nararapat na manatili sa kasalukuyan sa lahat ng presyo ng serbisyo ng tubig at mga singil na naidadagdag sa panahon ng anuman at lahat ng panahon ng singilin sunod sa iskedyul ng amortisasyon na ibinigay ng Distrito. Ang iskedyul ng amortisasyon ay gagawing kasulatan at pipirmahan ng Kliyente. Bilang pangkalahatang tuntunin, habang napapailalim sa mga tuntunin ng isang iskedyul ng amortisasyon, ang isang Kliyente ay hindi maaaring humiling ng hiwalay na alternatibong iskedyul ng pagbabayad, amortisasyon, pagpapaliban (*deferral*) o plano ng pagbawas ng pagbabayad sa hiwalay na halaga ng *Past Due*.

5.4 Pansamantalang Pagpapaliban (*Deferral*) ng Pagbabayad. Kung maaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 4.4 o 5.1 sa itaas, ang pagbabayad ng Kliyente ng halaga ng kaniyang *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop multa, ay maaaring ipagpaliban (*deferred*) sa panahon na hindi hihigit sa anim (6) na buwan pagkatapos ng orihinal na takda ng halaga. Kakailanganing bayaran ng Kliyente ang buong halaga ng *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na multa, ng buo sa takdang petsa ng pagbabayad na naitalaga ng Distrito at nararapat na manatili sa kasalukuyan sa lahat ng presyo ng serbisyo ng tubig at mga singil na naidadagdag sa panahon ng anuman at lahat ng panahon ng singilin sunod plano ng pagpapaliban (*deferral*) ng pagbabayad na ginawa ng Distrito. Ang plano ng pagpapaliban (*deferral*) ng pagbabayad ay gagawing kasulatan at pipirmahan ng Kliyente. Bilang pangkalahatang tuntunin, habang napapailalim sa mga tuntunin ng plano ng pagpapaliban (*deferral*) ng pagbabayad, ang isang Kliyente ay hindi maaaring humiling ng hiwalay na alternatibong iskedyul ng pagbabayad, amortisasyon, pagpapaliban (*deferral*) o plano ng pagbawas ng pagbabayad sa hiwalay na halaga ng *Past Due*.

5.5 Pagbawas ng Pagbabayad. Sa ilalim ng matindi o emerhensyang kalagayan, ang isang Kliyente ay maaaring humiling ng bahagyang pagbabawas ng halaga kanyang *Past Due*, kabilang ang mga naaangkop na multa; binibigay, ngunit, na ang bahagyang pagbabawas ng sobra sa dalawangpu't limang porsyento (25%) ng hindi pa bayad halaga ay kinakailangan ng pag-apruba ng *Board of Trustees*, at sunod na naaayon sa Batas na walang pagbabawas ang ma-aapruba na maaaring magresulta sa karagdagang mga singil sa ibang tagapagbayad. Ang alinmang pagbawas ng pagbabayad ay gagawing kasulatan at pipirmahan ng Kliyente.

6. Mga Pamamaraan ng Paghiling ng Rebyu o Apela ng isang Bayarin para sa Serbisyo ng Tubig.

6.1 Takdang Petsa ng Paghiling ng Rebyu ng Bayarin. Ang Kliyente at maaaring humiling ng rebyu ng bayarin para sa serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa Distrito sa loob ng labing-limang (15) araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng Kliyente ng kanyang bayarin. Ang mga rebyu ng bill sa ilalim ng Patakaran na ito ay hindi sumasaklaw ng kahit anong rebyu o hamon patungkol sa mag presyo ng paggamit ng tubig o sa iba pang mga singil na pinagtibay ng *Board of Trustees* sa ilalim ng naaangkop

na mga batas at pamamaraan. Para sa mga layunin nitong Seksyon 6.1, ang bayarin ay itinuturing na natanggap na ng Kliyente sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos na ma-isyu ng Distrito, at ang nakasulat na kahilingan ay itinuturing na naisumite na ng Kliyente base sa petsa ng tatak ng selyo kung ito ay naipadala sa koreo, at sa petsa ng pagpapadala (*transmittal*) kung ito ay naipadala gamit ang elektronikong koreo o personal na serbisyo sa opisina ng Distrito sa panahon ng normal ng oras ng negosyo.

6.2 Rebyu ng Distrito. Ang nasa tamang oras na nakasulat na kahilingan para sa rebyu ng isang bayarin para sa serbisyo ng tubig ay irerebyu at pagpapasyahan ng *General Manager* ng Distrito, na siyang magbibigay ng nakasulat na abiso ng pagpapasiya sa Kliyente.

6.3 Apela sa *Board of Trustees*. Ang sinumang Kliyente na magsusumite napapanahong kahilingan na nakasulat para sa pag-rebyu ng isang bayarin alinsunod sa Seksyon 6.1 sa itaas ay maaaring umapela sa napagpasyahan ng Distrito na nagawa sa ilalim ng Seksyon 6.2 sa itaas sa *Board of Trustees* ng Distrito sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na paunawa ng apela sa Distrito, kung saan ang nakasulat na apela ay kinakailangan na matanggap ng Distrito sa loob ng labing-limang (15) araw ng kalendaryo mula sa araw ng pagkakatanggap ng Kliyente ng pagpapasiya ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 6.2. Para sa mga layunin nitong Seksyon 6.3, ang pagpapasiya ng Distrito ay itinuturing na natanggap na Kliyente sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos na ma-isyu ng Distrito, at ang nakasulat na apela ng Kliyente ay itinuturing na naisumite na ng Kliyente base sa petsa ng tatak ng selyo kung ito ay naipadala sa koreo, at sa petsa ng pagpapadala (*transmittal*) kung ito ay naipadala gamit ang elektronikong koreo o personal na serbisyo sa opisina ng Distrito sa panahon ng normal ng oras ng negosyo. Sa oras na makatanggap ng paunawa ng apela, ang Distrito ay mag-iiskedyul para sa naturang paksa upang madinig ng *Board of Trustees* sa isang susunod na pagpupulong ng Board. Ang nakasulat na paunawa ng petsa, oras at lugar ng apela na ididinig ng Board ay ibibigay sa umapelang Kliyente ng hindi bababa sa sampung (10) araw ng kalendaryo bago ang pagpupulong ng Board. Ang desisyon ng Board ay magiging pinal na.

6.4 Nakabinbin na Apela ng Serbisyo ng Tubig. Sa pangyayari na ang Kliyente ay makakapagsumite ng napapanahon na nakasulat na apelang ng ang paksa ay isang bayarin ng tubig na ididinig ng *Board of Trustees*, ang Distrito ay hindi magsususpindi ng serbisyo ng tubig sa Kliyente habang nakabinbin ang apela.

7. Mga Espesipikong Programa para sa Kliyenteng Mababa ang Kinikita.

7.1 Mga Limitasyon ng Reconnection Fee at Waiver of Interest. Para sa mga Kliyente na tumatanggap ng residensyal na serbisyo ng tubig at makakapagpakita sa Distrito, sa pamamagitan ng napapatunayan na dokumentasyon na inilarawan sa Seksyon 7.2 sa ibaba, ang isang kinikita ng sambahayan na mas mababa sa 200 na porsyento ng lebel ng kahirapan na pederal, ang Distrito ay:

- (a) Lilimitahan ang anumang bayad sa serbisyo ng muling pagkonekta sa aktwal na mga gastos sa muling pagkonekta, na hindi hihigit sa limampung dolyar (\$50) sa panahon ng normal na oras ng operasyon at isang daang dolyar (\$150) sa labas ng panahon ng normal na oras ng operasyon. Ang mga limitasyon napapailalim sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Kawanihan ng Labor Statistics' Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) simula Enero 1, 2021; at

- (b) Ang pagpapaubaya ng mga singil na interes sa mga bayarin na napabayaan na ay magiging isang beses kada 12 na buwan para sa mga paksa na naisangguni na sa mga koleksyon.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Para sa mga layunin ng Seksyon 7.1 sa itaas, ituturing ng Distrito ang Kliyente na nakatanggap ng residensyal na serbisyo ng tubig na magkaroon ng kinikita na mas mababa sa 200 na porsyento ng lebel ng kahirapan na pederal kung (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng Kliyente ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ang Kliyente ay nagdeklara sa ilalim ng parusa ng *perjury* na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng lebel ng kahirapan na pederal.

8. Mga Pamamaraan para sa mga Okupante o mga Nangungupahan na Maging mga Kliyente ng Distrito para sa mga Layunin na Makatanggap ng Residensyal na Serbisyo ng Tubig.

8.1 Pagkakaangkop. Itong Seksyon 8 ay tumutukoy lamang kung ang may-ari ng propyedad, kasero, manedyer, o tagapangasiwa ng isang residensyal na serbisyo ay nakalista bilang Kliyente sa talaan sa halip na ang aktwal na mga nangungupahan o okupante ng (mga) tirahan na tumatanggap ng serbisyo ng tubig, at ang serbisyo ay napapasailalim sa suspensyon dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduan sa mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng Distrito. Maaaring payagan ng Distrito na makakuha ng residensyal na serbisyo ng tubig ang mga aktwal na nangungupahan o okupante ng isang adres ng serbisyo kung ang isa o higit pa na nangungupahan o okupante ay pumapayag na ituloy ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singilin sa *account* at pumapayag sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo ng tubig ayon sa mga kinakailangan ng mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito. Sa mga kaso na mayroong mas madami sa isa ang residensyal na adres o residensyal na yunit ay ginagamitan ng nag-iisa o pangunahing metro, ang Distrito ay maaaring pumayag na makakuha ng serbisyo ng tubig ang magkakahiwalay na (mga) tirahan kung isa o higit pa ng mga nangungupahan o okupante na ginagamitan ng metro ay pumapayag na ituloy ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singilin sa *account* at pumapayag sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo ng tubig ayon sa mga kinakailangan ng mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito; sumusunod dito na kung ang pisikal at ligal na pamamaraan ay magagamit ng Distrito upang makapili na suspindihin ang residensyal na serbisyo ng tubig sa mga nangungupahan o okupante na hindi pumapagayag na ituloy ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singilin sa *account* o sa mga hindi makakakamit ng mga naaangkop na kinakailangan, maaaring payagan ng Distrito na makakuha ng serbisyo ang mga nangungupahan o okupante na pumapayag na ituloy ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singilin sa magkakahiwalay na (mga) *account* ng naaayon sa mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito.

8.3 Beripikasyon ng Pag-Okupa o Pag-upa. Upang mahirang na isang Kliyente ng Distrito ng hindi binabayaran ang halaga ng *Past Due* sa isang napabayaang *account*, ang (mga) nangungupahan o (mga) okupante na naghahangad na maging bagong Kliyente ay nararapat na mapatunayan na ang kasalukuyang Kliyente na nasa talaan para sa napabayaang *account* ay siya o naging siya ang may-ari, kasero, manedyer, o tagapangasiwa

ng residensyal na (mga) tirahan. Sa diskresyon ng Distrito, ang mga dokumentong pangberipikasyon ay maaaring kabilangan, ngunit hindi limitado sa, kasunduan ng pagpapauya o pagrenta, mga resibo ng pagrenta, isang dokumento galing sa ahensya ng gobyerno na nagsasabi na ang (mga) nangungupahan o (mga) okupante ay nagrerenta sa propyedad, o iba pang ebidensya ng relasyon ng pag-upa o pag-okupa sa Kliyente na nasa talaan para sa napabayaang *account*.

9. **Patakaran para sa Lengguwahe at mga Tiyak na Nakasulat na Paunawa.** Ang Patakaran na ito at ang lahat ng mga nakasulat na paunawa na nasaad sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 5 sa itaas ay ibibigay sa Ingles, Español, Intsik, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at iba pang mga lengguwahe na binibigkas ng sampung porsyento (10%) o higit pa ng mga Kliyente sa loob ng lugar ng serbisyo ng Distrito.

10. **Iba pang mga Remedyo.** Karagdagan sa suspensyon ng serbisyo ng tubig, ang Distrito ay maaaring magpatuloy ng anuman o lahat ng iba pang mga remedyo na magagamit na nasa batas o katarungan para sa hindi pagbabayad ng mga presyo ng tubig, mga singil sa serbisyo, at mga naaangkop na multa, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pag-file ng *claim* o ligal na aksyon, o tumutukoy sa mga halagang hindi pa nababayaran sa mga koleksyon. Sa kaganapan na ang isang *claim* o ligal na aksyon ay mapagpasiyahan ng pabor sa Distrito, ang Distrito ay may karapatan sa pagbabayad ng lahat ng gastos, kabilang ngunit hindi limitado sa bayad at gastos sa abogado, bayad at gastos sa kasangguni o consultant at mga naipong interes.

11. **Suspensyon ng Serbisyo ng Tubig para sa Ibang Paglabag ng Kliyente.** Ang Distrito ay mayroong karapatan na suspindihin ang serbisyo ng tubig sa anuman o lahat ng mga paglabag maliban sa hindi pagbabayad na naisad sa Patakaran na ito, kabilang ngunit hindi limitado sa mga paglabag ng mga ordinansa ng Distrito, patakaran, mga Tuntunin at Regulasyon, o iba pang mga naaangkop na pederal, estado o lokal na batas.

12. **Mga Bayad at Singil na Natamo.** Maliban na lang hangga't naihayag sa Patakaran na ito, ang anumang mga presyo, bayad, singil, multa o iba pang mga pananagutan na natamo ng isang Kliyente at nakatakda sa Distrito sa ilalim ng anumang ordinansa ng Distrito, patakaran, mga Tuntunin at Regulasyon, o iba pang mga naaangkop na pederal, estado o lokal na batas ay mananatiling nakatakda at dapat bayaran katulad ng nakasaad sa polisiyang ito.

13. **Ang mga Desisyon ng Empleyado ng Distrito.** Ang anumang desisyon na maaaring kunin ng *General Manager* ng Distrito sa ilalim ng Patakaran na ito ay maaaring kunin ng kaniyang naitalaga.